

Inaprubahan ng FEMA ang Dagdag na \$51.4M para sa Pag-alis ng Debris na Dulot ng Bagyong Ian sa Lee County

Release Date: Pebrero 5, 2024

Inaprubahan ng FEMA ang dagdag na \$51,415,078 sa gawad na pagpopondo para maibalik ang ibinayad sa Lee County para sa mga gastos sa pag-alis ng debris pagkatapos ng Bagyong Ian.

Ang bagyo ay nag-iwan ng malawakang debris, na nagresulta sa banta sa kaligtasan at kaligtasan ng publiko. Tinatayang 2,040,625 na cubic yard ng mga debris mula sa mga puno at halaman, 1,252,193 na cubic yard ng debris na hatid ng bagyo, at 217 tonelada ng mga mapanganib na materyal ang inalis sa mga daan at pampublikong ari-arian. Noong nakaraan, naggawad ang FEMA ng \$16,853,000 para sa mga gastos na ito.

Ang programa ng Tulong sa Publiko ng FEMA ay nagbibigay ng mga gawad sa estado, lokal, teritoryal at pantribong gobyerno, at ilang pribadong nonprofit na organisasyon, kabilang ang mga bahay-sambahan, upang agad na makakaresponde at makakabangon ang mga komunidad mula sa malalaking sakuna o emerhensya.

Makikipagtulungan ang mga aplikante sa FEMA upang bumuo ng mga proyekto at mga saklaw ng gawain. Inoobliga ng FEMA ang pagpopondo para sa mga proyekto sa Florida Division of Emergency Management (FDEM) pagkatapos ng pinal na pag-apruba. Sa oras na maiutos ang proyekto, malapit na makikipagtulungan ang FDEM sa mga aplikante upang makumpleto ang proseso ng gawad at masimulan ang mga pagbabayad. May mga itinakdang pamamaraan ang FDEM na idinisenyo upang matiyak na ibinibigay ang pagpopondo para sa gawad sa mga lokal na komunidad nang mabilis hangga't maaari.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbangon ng Florida mula sa Bagyong Ian, bisitahin ang floridadisaster.org/info at fema.gov/disaster/4673. Sundan ang FEMA sa X, na dating Twitter, sa twitter.com/femaregion4 at sa facebook.com/fema.



FEMA

Page 1 of 1